

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Hulyo 2021

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Bumangon ulit ang pagmamanupaktura noong Hunyo

Key findings

Mas kaunting pagbaba sa output at mga bagong order

Nanumbalik ang pagtaas ng aktibidad sa pagbili

Bumilis ang inflation sa presyo ng output sa loob ng pang-apat na magkakasunod na buwan

Ang data ng Hunyo 2021 ay nakolekta noong 11-23 Hunyo 2021.

Ang mga nagmamanupaktura sa Pilipinas ay nagpahiwatig ng pagbangon ulit sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa huling bahagi ng pangalawang quarter, na pinangunahan ng mas kaunting pagbaba sa output, mga bagong order, at employment, pati na rin ng nanumbalik na paglawak sa mga imbentaryo bago ang produksyon. Dahil dito, katamtaman lang ang pagtaas dahil patuloy na kinaharap ng bansa ang mga panuntunan ng modified and enhanced community quarantine (MECQ) kasunod ng pagtaas ng mga kaso ng COVID-19. Ang performance ng vendor ay patuloy at sukdulang bumagsak sa loob ng sampung buwan dahil sa mga pagsisikip ng daungan at paghihigpit na nauugnay sa virus.

Sa usapin ng presyo, tumaas ang mga gastos sa input nang iulat na ang mga kakulangan sa materyales ang pangunahing dahilan ng inflation. Dahil dito, ang rate ng pagtaas ay bumagsak sa pinakamababang naitala sa loob ng tatlong buwan. Gayunpaman, hinangad ng mga kumpanya na ipasa ang bahagi ng pasanin sa pamamagitan ng pagtataas ng kanilang mga presyo sa pagbebenta, at ginawa nila ito sa pinakamabilis na rate sa loob ng mahigit dalawa't kalahating taon.

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay tumaas mula 49.9 noong Mayo sa 50.8 noong Hunyo, nang nagrerehistro ng mataas sa 50.0 threshold na walang pagbabago na naghihiwalay ng expansion at contraction. Ang pinakabagong expansion ay kasunod ng dalawang magkasunod na buwan ng pagbaba, at nagpahiwatig ng pagbangon ulit sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa Pilipinas.


Bumaba ang mga antas ng produksyon sa loob ng pangatlong magkakasunod na buwan sa huling bahagi ng pangalawang quarter na kadalasang iniuugnay ng mga panellist sa COVID-19 at huminang lokal na demand. Gayunpaman, ang rate ng contraction ay nabawasan sa loob ng kasalukuyang pangalawang buwan at katamtaman lang.

Katulad nito, bumagsak din ang mga bagong order, bagama't ang rate ng pagbaba ay bahagya lang at pinakamahina sa kasalukuyang tatlong buwang magkakasunod na pagbaba. Ayon sa mga miyembro ng panel, ang mga panuntunan ng MECQ na ipinatupad sa mga pangunahing rehiyon ay nagdulot ng mahinang lokal na demand. Sa kabaligtaran, ang demand sa ibang bansa para sa mga produktong namanupaktura sa Pilipinas ay tumaas sa loob ng pangalawang magkasunod na buwan, at may rate ng pag-unlad na mas malakas kaysa sa average sa kasaysayan.

Habang nagpatuloy ang mga pagbaba sa output at mga bagong order noong Hunyo, nanatiling maingat ang mga nagmamanupaktura tungkol sa pagpaparami ng kanilang mga kawani. Bumagsak na ang mga bilang ng manggagawa sa bawat buwan simula noong Marso 2020, bagama't ang pinakabagong pagbaba

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

“Nabigyang-diin ng data noong Hunyo ang bahagyang pagbangon ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas pagkatapos ng dalawang magkasunod na buwan ng contraction na nakita sa simula ng pangalawang quarter. Humina ang mga pagbagsak sa output, mga bagong order at employment samantalang matindi ang itinaas ng mga export noong buwan. Nasasalamang ang mga pag-asa sa mas matataas na antas ng produksyon sa pagpaparami ng mga kumpanya sa kanilang stock, bunsod ng pag-asa sa mas malakas na pangatlong quarter.”

“Gayunpaman, hindi lahat ay magandang balita noong Hunyo, sa pagpapatuloy ng mga panuntunan ng MECQ at, sa ilang sitwasyon, pagkaantala ng mga supply ng input. Samantala, madalas na kinaharap ng mga producer ng mga produkto sa loob ng buwan ang mga tumataas na gastos sa raw material at transportasyon. Ang mga presyo ng output ay patuloy na tumaas, at sa pinakamabilis na rate sa loob ng mahigit dalawang taon, na nagpahiwatig na bahagyang naninindigan ang mga kumpanya sa pagpapahina ng anumang potensyal na pagkalugi.”

“Gayunpaman, dahil nasa mga unang yugto pa rin ang mga programa sa pagbabakuna, mananatiling mahalaga ang pagkontrol sa paglaganap ng pandemya para sa pagpigil sa mga patuloy na paghihigpit. Sa ngayon, aasa ang mga kumpanya na malutas ang mga isyu kaugnay ng supply ng mga materyales.”


ay pinakamahina sa loob ng tatlong buwan. Binanggit din ng mga respondent ang mga pagsisikap sa pagtitipid ng gastos at boluntaryong pagbitiw sa trabaho bilang dahilan ng pagbagsak ng mga bilang ng manggagawa.

Lumago ulit ang pagbili ng input sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas noong Hunyo, na tumapos sa dalawang buwang panahon ng pagbaba. Gayunpaman, ang mga nagmamanupaktura ay naharap ulit sa mas matitinding paghaba ng mga oras ng paghahatid mula sa mga supplier, na malawak na iniugnay ng mga panellist sa mga kakulangan sa stock at pagsisikap ng daungan. Para maprotektahan laban sa mga pagkaantala sa hinaharap, at sa pag-asa sa mas mataas na demand sa mga paparating na buwan, pinalawak pa ng mga kumpanya ang kanilang mga hawak na imbentaryo bago ang produksyon. Samantala, ang mga stock ng natapos na produkto ay tumaas nang katamtaman.

Ang mas matataas na gastos sa transportasyon at raw material ay nagresulta sa mga tumataas na presyo ng input noong Hunyo. Nagpahiwatig ang pinakabagong data ng matinding pangkalahatang pagtaas sa mga average na pasanin sa gastos, bagama't nabawasan ang rate ng inflation sa loob ng pangalawang magkasunod na buwan. Sa mga pagsisikap na maprotektahan ang mga margin ng kita, itinaas pa ng mga nagmamanupaktura ang kanilang mga presyo sa pagbebenta sa pamamagitan ng bahagyang pagpapasa ng mas matataas na gastos. Bumilis ang inflation sa presyo ng output nang higit sa pinakamataas na naitala sa loob ng dalawa't kalahating taon noong Hunyo.

Sa katunayan, nanatiling may pag-asa ang mga producer ng mga produkto sa Pilipinas tungkol sa kanilang pangkalahatang inaasahan para sa mas matataas na antas ng produksyon sa susunod na 12 buwan. Umabot ang pananaw sa pinakamataas na naitala sa loob ng tatlong buwan na may mga pag-asa sa mas mataas na demand na madalas na nagpapatibay ng mas matitinding inaasahan. Gayunpaman, ang antas ng optimismo ay naitala nang mas mababa sa pangmatagalang antas ng trend kung saan nagkokomento ang ilang nagmamanupaktura tungkol sa mga alalahanin sa pangmatagalang epekto ng pandemya.

PMI Output Index sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan Produksyon ng manufacturing %yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
T: +44 207 260 2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Hunyo 2021 ay nakolekta noong 11-23 Hunyo 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katerine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.